| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 7 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | **ARALING PANLIPUNAN** |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | **SEPT. 30 – OCT. 4, 2024 (WEEK 1)** | Markahan at Linggo: | **Ikalawang Markahan** |

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa naging tugon at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagbibigay-impormasyon sa mga naging tugon sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan sa Pampagkatuto**<br>1. Naibibigay ang kahulugan ng kolonyalismo at imperyalismo.<br>2. Naipaliliwanag ang pagkakaiba ng konsepto ng kolonyalismo at imperyalismo.<br>**Mga Layuning Pampagkatuto**<br>● Naipaliliwanag ang kahulugan ng kolonyalismo at imperyalismo.<br>● Naipaliliwanag ang mga kaugnay na konsepto ukol sa kolonyalismo at imperyalismo.<br>● Naipapaliwanag ang mga dahilan sa likod ng kolonyalismo at imperyalismo.<br>● Nasusuri ang mga pamamaraang ginagamit ng mga kolonyal na kapangyarihan at imperyalistang bansa.<br>● Nasisiyasat ang mga tiyak na halimbawa ng kasaysayan ng kolonyalismo at imperyalismo.<br>● Nabibigyang-halaga ang mga implikasyon ng ekonomiya, pulitika, at kultura ng mga sistemang ito.<br>● Nasusuri kung paano hinubog ng mga tugon sa kolonyalismo at imperyalismo ang pandaigdigang relasyon at patuloy na naiimpluwensyahan ang lipunan ngayon. |
| **D. Nilalaman** | Ang Konsepto ng Kolonyalismo at Imperyalismo<br>● Kahulugan ng Kolonyalismo at Imperyalismo<br>● Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin |
| **E. Integrasyon** | ● Kulturang Popular (Food, Music, Entertainment, Fashion, Fads and Crazes)<br>● Current Events (Aspetong politikal at ekonomiko); Kasalukuyang pangyayari na may kaugnayan sa imperyalismo at kolonyalismo<br>● Sustainable Development Goals<br>● Peace Education |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Agoncillo, T. (1990). History of the Filipino People 8th Edition. C.&E. Publishing Inc.


*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City. Retrieved from [https://www.deped.gov.ph/wp- content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf)

McDougal Litell. (1990). *World History: Patterns of Interaction*. McDougal Litell Inc.

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral Gawain 1:**<br>**Ang Unang Misa**<br>Panuto: Ipakikita ng guro ang larawan ng "Unang Misa" sa Limasawa, Leyte, Pilipinas.<br><br>Source: [https://www.pinterest.ph/pin/466544842654116333/](https://www.pinterest.ph/pin/466544842654116333/) | Ang gawaing ito ay magsisilbing gabay o maaaring magamit upang balikan ang aralin sa kasaysayan ng Pilipinas.<br><br>Sabihin sa klase ang konteksto ng larawan:<br><br>Unang Misa sa Limasawa, Leyte. Sa utos ni Ferdinand Magellan ay nagsagawa ng misa ang mga Espanyol noong ika- 31 ng Marso 1521. Ito ay dinaluhan nina Rajah Colambu at Rajah Siaiu. |

| | | |
|---|---|---|
| | Pamprosesong Tanong:<br>1. Ano ang nagaganap sa larawan?<br>2. Sino ang mga namumuno sa misa?<br>3. Sino naman ang mga dumalo rito?<br>4. Masasabi ba natin na ito ay paraan ng pananakop? Bakit?<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain 2: I-ugnay Natin!**<br>Panuto: Hatiin ang klase sa tatlo o apat na pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng colored paper na may sumusunod na mga salita.<br><br>Malakas na bansa<br>Kapangyarihan<br>Mapakinabangan ang likas na yaman<br>Ipalaganap ang relihiyon<br>Paggamit ng lakas o puwersa<br>Mahinang bansa<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Ano ang kahulugan ng kolonyalismo?<br>2. Ano naman ang kahulugan ng imperyalismo?<br>3. Paano nagkakaiba ang konsepto ng kolonyalismo at imperyalismo? | Bigyang-diin na ang mga mahahalagang konsepto na tatalakayin sa linggong ito ay ang konsepto ng kolonyalismo at imperyalismo.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral na pag-ugnayin ang mga salitang mababasa sa colored paper.<br><br>Dapat makita ng mga mag- aaral ang pagkukumpara sa malakas at mahinang bansa. Para sa guro, hindi kinakailangan na tama agad ang sagot ng mga mag-aaral dahil nais lang natin na mabigyandiin ang ang mga konsepto na may kaugnayan sa aralin. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin Gawain 3:<br>Panuto: Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.<br><br>Tuwirang pananakop — Protectorate<br>Kolonyalismo — Concession<br>Imperyalismo — Sphere of Influence<br>Europeo — Economic imperialism<br>Asya — Di-tuwirang pananakop</td>
<td>Ipasulat sa pisara ang mga kahulugan na ibibigay ng mga mag-aaral batay sa sanggunian na kanilang ginamit. Pagkatapos, ipabasa ito sa mga mag-aaral.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Kahulugan ng Kolonyalismo at Imperyalismo**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 4: Fact Storming Web**<br>Panuto: Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Magbigay ng mga salitang may kaugnayan sa kolonyalismo at imperyalismo.<br><br><br><br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Sa inyong sariling pag-unawa, ano kolonyalismo?<br>2. Paano maiuugnay ang kolonyalismo Pilipinas?<br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Sa inyong sariling pag-unawa, ano ang ang imperyalismo?<br>2. Paano maiuugnay ang imperyalismo sa sa Pilipinas? | |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Pinatnubayang Pagsasanay Gawain 5: Basahin Natin!**<br><br>Ang **imperyalismo** ay isang sistema ng pananakop kung saan ang isang makapangyarihang estado ay sapilitang kinokontrol ang mas maliliit at mahihinang estado. Upang maituring na isang makapangyarihan estado ay kinakailangang nagtataglay ito ng isang matatag na institusyong politikal at matibay na pagkakakilanlang kultural. Ang pokus ng pananakop ay makontrol ang politikal at ekonomikal na institusyon ng mas mahihinang bansa dahil dito kadalasan ay nawawalan ng kapangyarihan ang mga lokal na namumuno at nauubos ang mga likas na kayamanan ng mga bansa sa ilalim ng isang imperyo. Magkakaiba ang pangkat-kultural ng mga mamamayan sa isang imperyo. Sa madaling salita, ang imperyo ay binubuo ng magkakaibang maliliit na pangkat ng tao na may magkakaibang pinagmulan, tradisyon, paniniwala at kasaysayan. Ang pagkakaiba- iba ng mga ito ay nagiging dahilan ng hidwaan sa pagitan ng mga pangkat at dahilan naman para sa mas makapangyarihang pangkat upang makontrol ang mas mahihina sa kanila.<br><br>Ang mga Imperyalistang bansa ay may iba't-ibang uri ng pagkontrol sa mga bansang kanilang nasakop.<br>1. **Kolonyalismo** ay tumutukoy sa pagkontrol ng dayuhang bansa sa mas mahihinang bansa sa Asya at Aprika. Ang pamahalaan at ekonomiya ay tuwirang pinamamahalaan ng mga dayuhan.<br>2. **Protektorado** na pinahihintulutan ang mga lokal o katutubong pinuno ng mas mahinang bansa na mamahala ngunit kontrolado ng mas malakas na bansa ang mga pinuno na kanilang binigyan ng kapangyarihan. Kung mahaharap sa digmaan ang mahinang bansa ay makasisiguro ng proteksiyon mula sa mas malakas na bansa<br>3. **Economic Imperialism** kung saan kontrolado ng mga pribadoong kompanya o dayuhang mamumuhunan ang mga mahihinang bansa.<br>4. **Sphere of Influence** ay tumutukoy sa isang teritoryo o bahagi ng mahinang bansa na kinokontrol o nasa impluwensiya ng mas malakas na bansa upang hindi sila lubusang sakupin.<br>5. **Concession** ay ang pagbibigay ng pahintulot sa mananakop na gamitin ang teritoryo at likas na yaman ng mahinang bansa na may eksklusibong karapatan para sa kanilang pansariling interes. Ang extra-territoriality ay kasunduan sa pagitan ng mananakop at mahinang bansa kung saan paiiralin | Maaring gumawa ang guro ng babasahin o gumamit ng ibang aklat na tatalakay sa konsepto ng kolonyalismo at imperyalismo upang maibigay ng ma mag-aaral ang kahulugan ng mga salita sa gawain. |


ang batas ng mga mananakop sa sa mga piling teritoryo na kabilang sa concession.

Mula sa mga uri ng pananakop na ito ay gumamit naman ng dalawang paraan ang mga mananakop upang ipakita ang mapasunod nila ang mga bansang kanilang nasakop.

1. Ang **Tuwiran o Direct Control** ay direktang pinamunuan ng mga mananakop ang mahihinang bansa. Ang kanilang pamahalaan ay nasa kapangyarihan ng mananakop. Hindi hinayaan ng magkaroon ng manankop ang mga katutubo na humawak ng alinmang posisyon sa pamahalaan. Ang mga batas na ipatutupad ay alinsunod sa mga batas na ipinatutupad sa mga bansang pinanggalingan ng mga manankop. Dahil kotrolado ang politika ng mahinang bansa ay nakontrol na rin ng mananakop ang ekonomiya nito. Maging ang kultura ng mga katutubo ay unti-unting nabago at ito ay napalitan ng mga kulturang dayuhan dahil sa patakarang ipinatutupad ng mga mananakop.
2. Samantala, sa **Di-Tuwiran o Indirect Control** ay pinanatili ang mga katutubong pinuno ng mahihinang bansa na may limitadong kapangyarihan at ang huling desisyon ay nasa kapangyarihan ng mga mananakop. Maaaring ipagpatuloy ng mga katutubong pinuno ang ilan sa kanilang mga lokal na paniniwala ngunit sa paglipas ng panahon ay nahahaluan ito ng mga paniniwala mula sa dayuhan.

**Gawain 6: Picture Analysis**
Panuto: Ipaliwanag ang mga uri ng pananakop gamit ang mga larawan.

1.




2.




Narito ang mga pinagkuhaan ng mga larawan.
1.
https://nashielimarcano.org/1898warcartoons/cartoons-gallery/#bwg1/13
2.
https://erenow.org/common/illustrated-history-of- railway/41.php
3.
https://www.thecollector.com/british-imperialism-china/

3.




4.




'GOLD DIGGERS'

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang patunay na ang larawan ay nagpapakita ng mga katangian ng uri ng pananakop?
2. Paano ipinakikita ang pagkontrol ng mga mananakop sa bawat anyo nito

## Ikatlong Araw

**3. Paglalapat at Pag-uugnay Gawain 7: Dugtungan Salita**

Panuto: Dugtungan ang angkop na mga salita upang mabuo ang kahulugan ng kolonyalismo at imperyalismo. Isulat ang iyong sagot sa notebook.

**1. Ang kolonyalismo ay**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**2. Ang imperyalismo ay**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________


______________________________________________

4. https://www.liberatingnarratives.com/its-immediate-effects

Maaring gumamit ang guro ng ibang larawan na angkop sa mga bata.

.

| | | |
|---|---|---|
| | **Gawain 8: What's inside the box?** Panuto: Ipaliwanag ang ugnayan ng Kolonyalismo at Imperyalismo gamit ang Venn-diagram.   | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**GAWAIN 9: Concept Clarification Map**<br>Panuto: Gamit ang istratehiyang "Concept Clarification", ay ipaliliwanag ng mag- aaral ang konsepto ng kolonyalismo at imperyalismo   | |




**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Gawain 10: Mag-aral is Fun sa Araling Panlipunan!**

Ipakita ang iyong naramdaman batay sa natutuhan sa nakalipas na aralin gamit ang “pag-thumbs up” at “thumbs down” ng iyong kamay.



Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.



Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.

| | **Tuwirang Pananakop** | **Di-tuwirang Pananakop** |
|---|---|---|
| Kahulugan | | |
| Bansang nakaranas ng pananakop | | |
| Bansang nanakop | | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Gawain 11:**<br>**A.** Panuto: Tukuyin ang sumusunod na pahayag. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.<br><br>Kolonyalismo · Imperyalismo · Direct Control<br>Sphere of Influence · Protektorado · Indirect Control<br><br>1. Direktang pinamunuan ng mga mananakop ang mahihinang bansa. Ang kanilang pamahalaan ay nasa kapangyarihan ng mananakop.<br>2. Isang sistema ng pananakop kung saan ang isang makapangyarihang estado ay sapilitang kinokontrol ang mas maliliit at mahihinang estado.<br>3. Tumutukoy sa pagkontrol ng dayuhang bansa sa mas mahihinang bansa. Ang pamahalaan at ekonomiya ay tuwirang pinamamahalaan ng mga dayuhan.<br>4. Pinahihintulutan ang mga lokal o katutubong pinuno ng mas mahinang bansa na mamahala ngunit kontrolado ng mas malakas na bansa ang mga pinuno na kanilang binigyan ng kapangyarihan.<br>5. Tumutukoy sa isang teritoryo o bahagi ng mahinang bansa na kinokontrol o nasa impluwensiya ng mas malakas na bansa upang hindi sila lubusang sakupin.<br><br>B. Panuto: Punan ang tsart ng angkop ng nilalaman. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)** | | | |
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.<br>Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>________________________<br>________________________<br>________________________<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>________________________<br>________________________<br>________________________ | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |

| | | |
|---|---|---|
| | ▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | |